POLISIYA PARA SA PAGPUTOL NG RESIDENSIYAL NA SERBISYO SA TUBIG DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD

Ang polisiyang ito ay matatagpuan online sa:
www.toaks.org/departments/finance/water-wastewater-billing

Para sa impormasyon tungkol sa mga account ng utility sa Lungsod ng Thousand Oaks, mga pagpipilian sa pagbabayad, o para sa mga katanungan tungkol sa polisiyang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa:

LUNGSOD NG THOUSAND OAKS FINANCE (805) 449-2201

Maliban sa mga pista opisyal, matatagpuan ang mga kawani sa oras ng Munisipyo:
Lunes hanggang Huwebes mula 7:30 am hanggang 5:00 pm PST
Biyernes mula 8:00 am hanggang 5:00 pm PST. Ang Munisipyo ay sarado sa bawat kahaliling Biyernes

---

1. Layunin:

Upang magbigay ng paglilinaw at kilalanin ang mga hakbang na ginawa ng mga tauhan ng pagsingil ng Kagawaran ng Pananalapi sa pagtugon sa mga delingkwente at iba pang mga sitwasyon na maaaring humantong sa pagputol dahil sa hindi pagbabayad para sa mga kustomer ng serbisyo ng tubig ng Lungsod ng Thousand Oaks. Ang terminong, "residensiyal" ay nangangahulugang serbisyo sa tubig sa isang residensiyal na koneksyon na kinabibilangan ng mga isang-pamilyang tirahan, maramihang pamilyang tirahan, mga mobile na tahanan; kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga mobile na tahanan sa mga parke ng mobile na tahanan, o pabahay sa manggagawang magbubukid.

2. Timeline:

Ang Lungsod ng Thousand Oaks ay gumagamit ng dalawang beses sa isang buwan na pagsingil para sa residensiyal na serbisyo sa tubig. Ang mga Araw ay nangangahulugang mga araw sa kalendaryo. Ang isang sulyap sa timeline para sa pagsingil sa serbisyo at ang mga aksyon para sa hindi pagbabayad ay ipinapakita sa ibaba:



3. Pagsingil at Mga Takdang Petsa:

a) Ang mga bayarin sa serbisyo ng lungsod ay mababayaran kapag natanggap. Ang mga bayarin para sa serbisyo ay iginagawad ng humigit-kumulang animnapung (60) araw na pagitan. Para sa mga katanungan tungkol sa mga bayarin, o upang talakayin ang mga pagpipilian para sa pagpigil sa pagputol sa serbisyo ng tubig para sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng polisiyang ito, mangyaring tumawag sa Serbisyo ng Kustomer ng Lungsod ng Thousand Oaks Finance sa (805) 449-2201.

b) Lahat ng mga bayarin sa tubig maliban sa mga nasasakop sa ilalim ng "Iba't ibang mga Gamit" ay magiging takda at mababayaran sa paggagawad. Ang nasabing mga bayarin ay magiging delingkwente at isasailalim sa mga multa sa parusa sa isang halagang itinakda ng

aksyon ng Konseho kung hindi babayaran nang buo o bago ang apatnapung (40) araw pagkatapos ng petsa ng pagsingil. Ang mga sulat ng paalala ay ipapadala sa mga kustomer na ang mga bayarin ay hindi nabayaran sa loob ng tatlumpung (30) araw para payuhan sila na maliban kung ang natitirang hindi nabayaran na bayarin ay binayaran sa o bago ang karagdagang sampung (10) araw, ang account ng kustomer ay dapat isailalim sa mga parusa na susuriin at napapailalim sa pagputol ng serbisyo kung hindi binayaran nang buo sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo mula sa takdang petsa na nakaprinta sa harap ng bayarin. Ang mga pagbabayad ay dapat na ibigay sa Kagawaran sa Pananalapi ng Lungsod ng Thousand Oaks at maaaring hindi ibigay o tanggapin ng mga tauhan sa panlabas.

4. Mga Delingkwente na Account:

Ang mga account na delingkwente ay tinutukoy bilang isang account na nananatiling hindi nabayaran (at hindi gumawa ng mga paraan sa pagbabayad o nagsagawa ng isang alternatibong iskedyul sa pagbabayad) kung ang bayad ay hindi natanggap ng Lungsod ng Thousand Oaks sa loob ng tatlumpung (30) araw ng petsa ng pagsingil na nakaprinta sa harap ng bayarin. sa pagsara ng opisina. Ang serbisyo ng tubig ay napapailalim sa pagputol kung hindi binayaran nang buo sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo ng takdang petsa ng nakaprinta sa harap ng bayarin, sa pagsasara ng opisina.

5. Mga Singil dahil sa Huli na Pagbabayad (Mga Singil):

Ang singil na 10% ng lagpas sa itinakda na balanse ay susuriin para sa mga singil na hindi binayaran sa loob ng apatnapung (40) araw ng petsa ng pagsingil na nakaprinta sa harap ng bayarin. Ang isang karagdagang bayad sa huli na pagbabayad ng kalahati ng isang porsyento (0.5%) ng hindi bayad na singil sa serbisyo at pangunahing singil sa huli na pagbabayad ay sisingilin sa account bawat buwan, o maliit na bahagi nito, na ang singil sa serbisyo at pangunahing huli na singil ng nakaraang buwan ay nananatiling hindi nabayaran.

6. Pagtanggi sa Singil sa Huli na Pagbabayad:

Sa kahilingan ng kustomer, itatanggi ng Munisipyo ang singil sa huli na pagbabayad sa tubig kung ang kustomer ay hindi nakatanggap ng mga pagtanggi sa singil sa huli na pagbabayad para sa mga delingkwenteng pagbayad sa nakaraang 12 na buwan.

7. Karagdagang Abiso (Sulat ng Paalala):

Nang maging delingkwente ang isang account, bilang paggalang, ang Munisipyo ay gagawa ng isang makatuwirang, magandang kalooban na pagsisikap na abisuhan ang mga kustomer na ang account ay nananatiling hindi nababayaran at karagdagang aksyon sa koleksyon ang mangyayari sa humigit-kumulang 60 na araw pagkatapos ng itinakdang petsa ng babayaran. Ang ibig sabihin nito na ang notipikasyon ay sa pamamagitan ng USPS na koreo. Ang Munisipyo ay walang pananagutan para sa kontak na impormasyon na hindi pinanatiling kasalukuyan ng kustomer.

8. Sinulat na Abiso ng Pagputol (Pangwakas na Sulat ng Abiso):

Hindi ihihinto ng Munisipyo ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad hanggang ang kustomer ay naging delingkwente sa hindi bababa sa 60 na araw. Ang sinumang residensiyal na kustomer na may bayarin na delingkwente ng 40 na araw o higit pa ay padadalhan ng isang abiso na nagpapahayag na ang mga halaga na hindi nabayaran sa loob ng 60 na araw ng itinakdang petsa ay magsasanhi ng pagkahinto ng serbisyo sa tubig, at ang lahat ng mga balanse sa nakaraan na hindi nabayaran ay dapat bayaran bago ipanumbalik ang serbisyo.

Ang pangwakas na abiso sa pagputol ay ipapadala sa address ng lihaman na itinalaga sa account. Kung ang address ng lihaman at ang ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig ay magkaiba , isang ikalawang pangwakas na abiso ang ipapadala sa address na may serbisyo at ipapadala sa "naninirahan". Ang isang sinulat na abiso ng pagputol ay may kasamang:

a) Pangalan at address ng kustomer
b) Halaga na Hindi Nabayaran sa Nakaraan
c) Petsa kung kailan ang bayad o mga paraan ng pagbabayad ay kinakailangan para maiwasan ang paghinto ng serbisyo
d) Pagsasalarawan sa proseso ng pag-aplay ng isang palugit para magbayad at/o plano sa pagbabayad
e) Pagsasalarawan sa proseso para itanggi o umapela ng isang bayarin
f) Numero ng Telepono ng Lungsod

Kung ang sinulat na abiso ng pagputol ay ibinalik sa pamamagitan ng koreo bilang hindi naipadala, ang Lungsod ay gagawa ng isang makatuwiran, magandang kalooban na pagsisikap para makontak ang kustomer sa pamamagitan ng telepono. Ang Lungsod ay maaaring magbigay ng berbal na abiso sa pamamagitan ng telepono o sa personal kung may emerhensiya o kung hindi man ay madaliang mga sitwasyon.

9. <u>Sinulat na Abiso ng Pagputol (Pangwakas na Tag sa Pinto):</u>

Ang sinumang residensiyal na kustomer na may bayarin na delingkwente ng 50 na araw o higit pa ay padadalhan ng isang sinulat na paalala, sa pamamagitan ng isang tag hanger sa pinto sa lokasyon ng ari-arian, na nagpapahiwatig ng mga halaga na hindi nabayaran sa loob ng 60 na araw ng itinakdang petsa ay magsasanhi ng pagkahinto ng serbisyo sa tubig, at ang lahat ng mga balanse sa nakaraan na hindi nabayaran ay dapat bayaran bago ipanumbalik ang serbisyo. Isang pagsingil na $35 ay susuriin para sa mga Pangwakas na Tag sa Pinto na Abiso.

10. <u>Mga Itinakdang Petsa sa Pagbabayad:</u>

Lahat ng delingkwenteng mga singil sa serbisyo sa tubig at mga kaugnay na singil ay tatanggapin ng Lungsod nang 5:00 pm. PST sa araw na tinukoy sa sinulat na abiso ng pagputol.

11. <u>Ipinagpaliban na mga Iskedyul sa Pagbabayad (Palugit sa Pagbabayad)</u>

Ang sinumang kustomer na walang kakayahang magbayad para sa serbisyo sa tubig sa loob ng normal na panahon na pagbabayad ay maaaring humiling ng isang palugit sa pagbabayad para maiwasan ang pagkaantala ng serbisyo. Isang karagdagang 2-linggo na palugit ang igagawad kung hihilingin. Ang mga singil sa huli na pagbabayad ay mailalapat pa rin.

12. <u>Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad (Plano ng Pagbabayad):</u>

Ang isang kustomer ay maaaring humiling na bayaran ang mga halaga ng bayarin sa pamamagitan ng isang plano ng paunti-unting pagbabayad. Lahat ng mga plano ng paunti-unting pagbabayad ay dapat na nasa pagsusulat at aprubado ng Tagapangasiwa ng mga Operasyon ng Kita, o sa itinalaga.

Ang mga plano ng paunti-unting pagbabayad sa mga delingkwente na halaga ay maaari lamang magamit ng mga kustomer na nakatugon sa kuwalipikado na mga pamantayan (Aytem 20. Mga Eksemsyon). Ang mga plano sa pagbabayad ay hindi igagawad nang higit sa isang beses sa panahon ng labindalawang buwan at ang pagbabayad ng isang delingkwenteng

balanse ay hindi dapat lalagpas ng labindalawang buwan. Lahat ng mga bayarin sa hinaharap ay dapat na bayaran kung ito ay naitakda na. Ang hindi pagsunod sa mga tuntunin ng isang ipinagpaliban na iskedyul ng pagbabayad ay magreresulta sa pagpapalabas ng isang sinulat na abiso ng pagputol. Ang abiso sa pagputol ay nasa anyo ng isang hanger sa pinto na ipapadala sa ari-arian ng hindi aaga ng 5 araw na may trabaho na bago ang pagputol ng serbisyo.

13. Mga Kulang na Pagbabayad:

Alinsunod sa mga tuntunin sa polisiyang ito, ang alinmang kakulangan sa pagbayad sa isang bayarin sa tubig ay ituturing na delingkwente at ang serbisyo ay isasailalim sa pagputol. Sa lahat ng mga pagkakataon, ang kulang na pagbabayad o hindi pagbabayad ay isasailalim sa mga singil ng huli na pagbabayad.

14. Mga Ibinalik na Bayad:

Sa pagtanggap ng isang ibinalik na bayad, ituturing ng Lungsod na delingkwente ang account. Ang Lungsod ay gagawa ng isang makatuwirang, magandang kalooban na pagsisikap para abisuhan ang kustomer sa pamamagitan ng telepono o koreo. Sa kaganapa ng isang ibinalik na bayad kung saan ang kustomer ay naging kuwalipikado para sa pagputol ng serbisyo, isang hanger sa pinto na nagpapahiwatig ng 48-oras na abiso ng terminasyon, ang ipapadala. Ang serbisyo sa tubig ay puputulin kung ang halaga ng ibinalik na bayad ay hindi binayaran sa o bago ang petsa na tinukoy sa abiso ng terminasyon. Ang ibinalik na mga bayad ay sasailalim sa isang $35 na singil sa ibinalik na aytem. Ang sinumang kustomer na nagpapalabas ng isang ibinalik ns bayad bilang isang kabayaran para ipanumbalik ang serbisyo na naputol para sa hindi pagbabayad ay hihilingin na magbayad ng cash o credit card para mapanumbalik ang serbisyo.

15. Pagputol ng Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad:

Puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng pag-off, at sa karamihang pagkakataon ay ang pagkandado, ng metro. Kung ang kawani ng Lungsod ay ipinadala para sa isang pagpuputol, ang kustomer ay maaaring singilin ng isang bayad sa sistema ng pagbabayad kahit na ang metro ay pisikal na na-off o hindi. Ang mga kawani sa panlabas ay hindi pinapahintulutan na kumulekta ng bayad ngunit sasabihan ang kustomer na kontakin ang Kagawaran ng Pananalapi ng Lungsod ng Thousand Oaks sa (805)449-2201.

16. Pagtatatag Muli ng Serbisyo sa mga Oras ng Munisipyo:

Para maibalik o magpatuloy ang serbisyo na naputol dahil sa hindi pagbabayad, ang kustomer ay dapat na bayaran ang lahat ng mga hindi nabayarang halaga sa nakaraan at mga singil sa pagiging delingkwente na naiuugnay sa pagputol ng serbisyo. Ang lahat ng nasuri na mga singil ay dapat na bayaran bago ipanumbalik ang serbisyo. Ang kabuuang mga singil para sa rekoneksyon sa mga oras ng Munisipyo ay $70.00 Kasama sa mga singil sa rekoneksyon ang: $35.00 para idiskonekta ang serbisyo at $35 para ikonektang muli ang serbisyo. Ang regular na oras sa pagpasok sa Munisipyo ay sa Lunes hanggang Huwebes 7:30 am hanggang 5:00 pm PST at bawat kahaliling Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm. PST Ang serbisyo sa tubig na binuksan ng sinumang tao maliban sa mga tauhan ng Lungsod o nang walang pahintulot ay sasailalim sa multa o karagdagang mga singil o bayad.

17. Muling Pagbabalik ng Serbisyo Pagkatapos ng mga Oras ng Trabaho:

Ang serbisyo na ipinanumbalik sa labas ng mga oras ng trabaho ng Munisipyo; tulad ng mga bawat kahaliling Biyernes, katapusan ng linggo, o pista opisyal ay sisingilin ng isang after-hours na muling pagbabalik na bayad na $105.00. Ang mga after-hours na kawani, na tumutugon sa mga tawag ng kahilingan sa serbisyo, ay hindi pinahihintulutan na mangolekta ng bayad ngunit dapat ay sabihan ang kustomer na makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pananalapi ng Lungsod ng Thousand Oaks bago mag 12:00. PST sa susunod na araw ng trabaho.

18. Abiso para sa mga Residensiyal na Nangungupahan / mga Naninirahan:

Hindi bababa sa 10 na araw bago putulin ang serbisyo sa tubig, ang Lungsod ay gagawa ng isang makatuwirang, magandang kalooban na pagsisikap na ipaalam sa mga naninirahan, sa pamamagitan ng sinulat na abiso na tag sa pinto, kung kailan ang account ng serbisyo sa tubig ay naging delingkwente at sasailalim sa pagputol ng serbisyo sa tubig. Ang sinulat na abiso ay magpapayo sa nangungupahan / naninirahan na sila ay may karapatang maging mga kustomer ng Lungsod na hindi hinihilingang magbayad sa halagang dapat bayaran sa delingkwente na account, kung sumasang-ayon sila sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo at handang akuin ang pinansiyal na responsibilidad para sa mga kasunod na singil para sa serbisyo sa tubig sa address na iyon. Upang matanggi ang halagang dapat bayaran ng delingkwenteng may-ari ng ari-arian, tagapamahala, kasero, o account ng ahente para sa bagong kustomer, ang nangungupahan / naninirahan ay dapat magbigay ng patunay ng pag-upa.

19. Mga Pagsusuri ng Bayarin / Mga Pagtanggi / Mga Apela / Mga Pagsasaayos:

Ang isang kustomer ng tubig na may reklamo o tanong tungkol sa kanilang bayarin ay dapat magkaroon ng pagkakataon na suriin ito kasama ang mga kinatawan ng alinman o kapwa Kagawaran ng Pampublikong Gawain o Kagawaran ng Pananalapi. Kung nais ng isang kustomer na umapela, tanggihan, o humiling ng isang pagsusuri o pagsasaayos ng isang account sa tubig, ang kahilingan na iyon ay dapat gawin bago ang petsa na isasailalim sa pagputol ang serbisyo at isusumite nang nakasulat, sa Kagawaran ng Pananalapi ng Lungsod sa UtilityBill@toaks.org (email) o ipadala nang direkta sa Kagawaran ng Pananalapi ng Lungsod ng Thousand Oaks. 2100 E. Thousand Oaks Blvd. Thousand Oaks, CA. 91362. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad habang ang kahilingin sa pagsasaayos ay nakabinbin pa.

20. Mga Eksemsyon:

Hindi puputulin ng Lungsod ang residensiyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad kung lahat ng mga sumusunod na mga kondisyon ay natugunan:

(1) Ang kustomer, o isang nangungupahan sa kustomer, ay nagsusumite sa Lungsod ng isang sertipikasyon ng isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga, na tinutukoy ang terminong ito sa subparagraph (A) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 14088 ng Welfare at Institutions Code, na ang pagputol sa residensiyal na serbisyo sa tubig ay magiging banta sa buhay sa, o magdudulot ng isang malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente sa lugar kung saan ipinagkaloob ang residensiyal na serbisyo sa tubig.

(2) Ipinakita ng kustomer na wala siyang kakayahang pinansiyal para bayaran ang residensiyal na serbisyo sa tubig sa loob ng normal na siklo ng pagbabayad sa sistema ng tubig ng Lungsod. Ang kustomer ay maituturing na walang kakayahang pinansiyal na magbayad para sa residensiyal na serbisyo sa tubig sa loob ng normal na siklo ng pagbabayad ng Lungsod kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kustomer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORK, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Karagdagang Seguridad na Kita /

Program ng Karagdagang Pagbabayad ng Estado, o Programa ng Espesyal na Karagdagang Nutrisyon para sa Kababaihan, mga Sanggol, at mga Bata sa California, o ipinahayag ng kustomer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento sa pederal na antas ng kahirapan.

(3) Ang kostumer ay handang pumasok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad o isang plano para sa pagpapaliban ng pagbabayad, na sumasaklaw sa lahat ng mga delingkwenteng pagsingil.

Kung natutugunan ang mga kundisyon na nakalista, mag-aalok ang Lungsod sa kustomer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na pagpipilian:

a) Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad (Tingnan ang Pahina 4, Seksyon 12)
b) Pakikilahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad (Tingnan ang Pahina 4, Seksyon 13)

21. <u>Emerhensiyang Serbisyo sa Tubig:</u>

Para sa mga emerhensiyang nagaganap sa hindi oras ng trabaho, mangyaring tawagan ang Sentro ng Serbisyo ng Munisipyo ng Lungsod ng Thousand Oaks sa (805) 449-2499.

22. <u>Mga Sanggunian:</u>

a) Panukalang Batas sa Senado Blg. 998: Pagputol sa Residensiyal na Serbisyo sa Tubig
b) Mga Seksyon ng Code ng Pamahalaan ng California 60370-60375.5
c) Municipal Code ng Thousand Oaks (TOMC) Artikulo 9. Pagsingil at Pagbabayad

* Ang lahat ng mga rate ay sasailalim sa pagsusuri at mababago ayon sa pagkilos ng Konseho ng Lungsod

POLISIYA PARA SA PAGPUTOL NG RESIDENSIYAL NA SERBISYO SA TUBIG DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD		**Lungsod ng Thousand Oaks** KAGAWARAN NG PANANALAPI - PAMPUBLIKONG MGA SERBISYO
Pahina 7 ng 7	Pebrero 2020	Jaime Boscarino, Direktor ng Pananalapi

[i] Mga itinakdang petsa para sa iba't ibang mga gamit: Lahat ng mga bayarin para sa serbisyo ng fire hydrant, mga pag-flush na serbisyo ng mga linya ng itatapon na tubig, tubig para sa paghuhugas ng kalye at / o pagwiwisik, o tubig para sa pag-flush ng mga storm drain, mga culvert at iba pa, pati na rin ang anumang mga singil para sa mga isinagawa na operasyon ng Lungsod o para sa hindi awtorisadong paggamit ng tubig na inisyu sa anumang buwan sa kalendaryo ay dapat na bayaran at mababayaran sa pagpresenta at magiging delingkwente sa tatlumpung (30) araw pagkatapos ng pagpresenta